

1

Syet, syet, syet! bulyaw ng diwa ni Isabel, habang nagmamadaling binabaybay ang sarado pang gilid ng isang kilalang mall sa *Ayala Avenue*.

Unang araw niya bilang intern sa *Clover Records*. Eksaktong eight a.m., dapat ay nasa main office na siya upang mag-report, kasama ng iba pang mga interns. Iyon nga lang, patong-patong ang kamalasang sumaklob sa dalaga simula pa nang umagang iyon.

Hindi bale nang wa-poise; hindi bale na kung naka-business casual attire at naka-high heels pero pinagpapawisan. Mas mabuti na ang on-time at losyang, hinuha ni Isabel Plata—or simply ‘Isay’ to her friends at sa *Friendster*, *Facebook* at *MySpace* accounts niya—kaysa fresh nga ngunit late naman. Ang speed-walk ay ginawa nang pang-Olympic track and field na takbo ng beinte uno años na dalaga nang lumihis siya para mag-short-cut sa carpark ng isang high-rise apartment building.

Natatanaw na niya ang bungad ng mataas na gusaling kinaroroonan ng *Clover Records* office. Tatawirin na lamang niya ang driveway mula

roon at—

Isang malakas na busina ng sasakyan at isang pagbagsak sa lupa ang nangibabaw. Napahandusay si Isabel sa aspalto.

Grabe, magabok pala rito, puna niya habang pakurap-kurap na lumantad sa paningin niya ang putol na takong ng kanyang paboritong pares ng sapatos.

Sinubukan niyang tumayo. Medyo may kahirapan nga lang, dahil parang hinataw ng kaha de yero ang kaliwang balakang niya. Sa di-kalayuan, nakababa na ang kung sinumang gagong driver mula sa magara at kulay-abong kotse na nakabundol sa kanya.

“Okay ka lang, Miss?” untag nito.

Mukha ba akong okay? isisinghal sana ni Isabel.

Ngunit masilayan nang mabuti ang lalaking sisigawan sana, parang bula na naglaho ang inis sa katawang tao ni Isay. Paano nga bang hindi, gayong ang nagtatanong ng kalagayan niya ay isang matangkad at saksakan ng guwapong lalaki!

Naka-amerikana ito na dark gray at black patent leather shoes. Kung pipilitin si Isabel na hulaan ora mismo ang trabaho ng lalaking ito, base sa kasuotan

ay ‘bank executive’ ang kanyang i-vo-volunteer. Bank executive na suma-sideline bilang ramp model ng *Armani* at *Versace*. Na mahilig sigurong mag-beach o mag-tanning salon dahil kayumangging-kayumanggi ang balat nito. Maaaring may dugong banyaga man, kung ang tangos ng ilong nito, ang tangkad at laki ng katawan ang pagbabatayan, ang kabuuang hubog ng mukha at ang matibay na tindig nito ay hindi maikakailang Pinoy.

Sandali in actuality, pero tila naka-slow-motion sa biased na paningin ni Isabel, nilapitan siya ng lalaki.

“I’m sorry,” anito, inalalayan siya sa pagtayo.

Ultimong boses nito ay nakakapanindig-balahibo ang sexy timbre.

“N-no, hindi, kasalanan ko rin,” pa-demure na tugon ng dalaga, habang sinusulit ng mga mata ang tsansang masilayan sa malapitan ang mukha nito. Mas guwapo ito up close and personal, in fairness.

Hindi nga lang kasing-guwapo ng Papa Francis ko...

Biglang napakurap si Isabel. Speaking of Papa Francis...

“Tanginang male-late na talaga ako!” bulalas niya.

Iyon lang, at kumaripas na si Isay ng takbo.

Samantala, sa tabi ng mamahaling silver gray *Audi 38* na siyang nakabunggo sa dalagang Pilipina na in question, naiwan ang guwapong driver nito na nakanganga; hindi makapaniwala sa animo ay instant recovery ng dilag.

May ibinulong pa ito sa sarili habang tanaw ang papalayong pigura ng medyo weird na babae.

“Kamukha niya si Micah...”

Si Marco Antonio Arenas ay hindi isang bank executive. Lalong hindi siya suma-sideline bilang ramp model ng *Armani* at *Versace*. Bukod sa hindi niya kailanman kinailangan at wala siyang interes, wala rin siyang panahon para roon.

Wala siyang panahon sa maraming bagay, to be more precise. Bilang producer ni Francis Arguelles, isa sa hottest names ngayon sa music industry, he had his hands full as it was. Never mind the fact that he was young, an upstart kompara sa mga pinagpipitagang pangalan sa industriya. At twenty-

seven, he had done enough in the six or seven years since he and Francis formally went ‘mainstream’ to last him at least two lifetimes.

Hindi sa nagrereklamo siya o kung ano man. Most of the time, Marco counted himself lucky to be where he was. He loves his job. And he certainly believed in Francis, ang long-time best friend at pinsan niya na kasabay na niyang lumaki, and the music that the man could create.

But other times—times like this one, for instance—he wished he was elsewhere.

“Sa pagkakaalam ko, pinagbawalan ka na ni Doc na uminom,” bungad niya habang nakatayo sa gilid ng malawak na viewing deck sa ikalawang palapag ng marangyang penthouse suite na kasalukuyang tinutuluyan ni Francis Arguelles.

Sa tabi niya, bahagyang nakasandal sa itim na cast-iron handrails, his cousin took another swig of *Dom Perignon*. He drank it straight from the bottle, as if to spite him. “At sa pagkakaalam ko,” anito, “sinabi ko kay Elvie na ayokong makipagkita kahit kanino.”

Great, sarkastikong hinuha ni Marco sa sarili. He’s in one of those moods.

Dis-oras na ng gabi siya pumunta roon. Iyon

ay para na rin makaiwas sa press at sa potensyal na pagkalat ng balita na ang celebrated singer-songwriter ay nakauwi na ng bansa noong isang araw pa. They had needed to bribe a lot of airport personnel and passers-by to do it, pero nagtagumpay naman silang ilihim sa media ang balita. Request iyon ni Francis mismo, na nagdahilan na gusto nitong mapag-isa at ayaw munang maabala ng kung sino man; kahit co-producer, kababata, at pinsang-buo pa nito.

Marco gave an inward sigh. “Sinabi nga sa akin ni Elvie ’yon,” he retorted. “At sinabi ko naman sa kanya na wala akong pakialam.” Makailang segundo rin na pinagmasdan niya ang tanawin bago magpatuloy, “More importantly, I’ve heard na inatake ka na naman while in the U.S., Francis.”

At that, natahimik ang singer. Ibinaba nito ang bote ng champagne sa sahig. “Wala lang ’yon,” sa wakas ay sambit nito.

“Nadulas ka raw sa stage, right in the middle of rehearsals.” Sumimangot siya. “I told you to drop the elaborate choreography. Hindi mo—”

“Kaya?” dismissive na salo ni Francis. “It wouldn’t be the same if I don’t do at least one dance routine. You ought to know that. Besides, napagod lang ako. I *have* been pretty busy these past few weeks.”

“Too busy to take your meds?” tuyot na tanong ni Marco. Huminga siya nang malalim. “Don’t look so surprised that I know. Maaaring hindi ’yon alam ni Elvie o kahit ng doktor mo, but I could take a guess. This is almost exactly what happened two years ago. Pinabayaan mo ang medications mo, and you went on a joyride to boot—”

With Micah, muntikan na niyang maidagdag, but stopped himself just in time.

Napaismid si Francis. “At least this time, hindi ako naospital dala n’on.”

“Oo nga naman,” pasaring ni Marco. “Nakansela lang ang first major concert mo in three years at nakaabala ka pa ng maraming tao.”

“Iyon lang ba ang ipinunta mo rito, ’Insan? Para sermonan ako?”

“Para kumustahin ka.”

“Well, I’m doing fine,” Francis stated. “As far as my condition allows, at least. Mabagal naman daw ang progression ng sakit ko, di ba?”

“Taon na maaaring mapabilis kapag ipinagpatuloy mo pa ’yang pagiging pasaway mo,” paalala niya.

The singer sighed. “It doesn’t matter, anyway,”

patuloy nito na ang ngiti sa labi ay hindi binagayan ng mga mata. “To be honest, sometimes I can’t help but think it would be better if I’d died that day.”

“Don’t say such things,” saway ni Marco. “May rason kung bakit ka binigyan ng pangalawang buhay ng Diyos.”

“Para ipadama sa akin kung gaano kabuwisit ang buhay, sure.”

“Matatawag mo bang ‘buwisit’ ang tagumpay na tinatamasa mo ngayon, Francis?” tudyong niya, looking at him sternly. “Maraming umiidolo sa ‘yo. Maraming nagmamahal sa ‘yo—”

“Like Micah,” mapait na dugtong ng singer. “Pero iniwan niya pa rin ako.”

“Not like Micah.” So saying, tinalikuran ni Marco ang tanawin at maayos na hinarap ang kababata. “It’s been two years, Francis. You’ve got to move on. For your sake and everyone else’s, kalimutan mo na siya.”

2

“Isabel! Nasa’n ka na ba?”

“Sir! Yes, sir! ’Andito na po, Sir!” Muntik nang matisod si Isay sa pagmamadaling puntahan si Gerome sa backstage. Bitbit niya sa magkabilang kamay ang dalawang bungkos ng promotional posters na ibinilin nitong kunin niya kanina lamang.

“Ang bagal mo!” naiiritang bulyaw ng bakla, sabay hablot ng mga posters. “Hay naku. Hindi ko talaga maisip kung paano nakapagtitiyaga si Sandy sa ’yo.”

Kayo naman, hindi ko lubos maisip kung paano napagtitiyagaan ng kahit sino, gusto sanang i-retort ng budhi ni Isabel, ngunit kinagat niya ang dila. “Sorry po,” sa halip ay sinambit na lamang ng dalaga.

Magdadalawang linggo na siya sa *Clover Records* at kung hindi lang niya mahal ang kanyang trabaho at sa mabait niyang boss na si Sandy, nauna na siya sa mga ibang kapwa-intern na nangagsipag-resign na dahil hindi makayanan ang dami ng ginagawa nila at ang matalas na dila ng assistant coordinator na si Gerome. As it were, si Ate Sandy ay may kinailangang

asikasuhin ngayon sa *Quezon City Memorial Plaza*, ang venue ng isang fund-raising concert para sa mga batang may cancer. At gaya ng dati nang gawi, ang second-in-command nitong si Gerome ang naiwan upang mangasiwa sa mga subordinates nito—kasali siya, sina Dex at Chelsey na kasing-tibay ni Isay ang sikmura.

Iyon nga lang, ang ‘mangasiwa’ para kay Gerome ay equivalent na yata sa ‘maghari-harian.’ Wala pang tanghali ay kung anu-ano nang utos ang ibinato nito sa kanila, mula pagtitimpla ng kape, pagpapanhik-panaog sa kanila iba’t ibang departments ng kompanya para kumuha ng whatever na mapagtripang ipakuha ng bugnuting bading, at pagpapa-fax at email ng correspondence sa mga record outlets both here and abroad. On any given day, kerin naman ni Isay ang sumpung ng antipatiko niyang stand-in boss. Pero either pagod lang siya or nag-develop na siya ng allergic reaction kay Sir Gerome, dahil mula pa magsimula ang shift niya ay masama na ang kanyang pakiramdam. Nahihilo siya na naduduwal. Kanina pa niya isinuka sa banyo ang kape’t tinapay na inalmusal niya at maging sina Dex at Chelsey ay pinuna na maputlang-maputla siya.

Manageable naman iyon. In truth, hindi iyon ang unang araw na nakapagtrabaho siya na may sinat,

pero para makalayo kay Sir Gerome at sa katarayan nito, magpapaalam siya na magha-half-day na lang. Come lunch break ay pupunta siya sa company clinic para humingi ng medical certificate. Bahala na kung singhalan o pandilatan siya ng baklita.

“Anyway, buti naman at sa wakas ay bumalik ka na,” patuloy pa nito. “Kakatawag lang sa akin n’ung food caterer natin sa benefit concert. Tumirik ang van nila malapit sa *Kamuning Station* ng *MRT* sa *EDSA*. Ang gusto kong gawin mo ay puntahan mo sila.”

“Bakit po?” tanong ni Isay.

“Ano pa ba sa tingin mo? You’ll go there and help out! They’ve already sent their employees to retrieve the refreshments, pero short-handed na sila as it is. They need an extra pair of hands to carry the food to *Quezon City*. Mag-*MRT* kayo or mag-taxi, whatever, basta you’ve got to be on-site bago mag-one p.m. Otherwise, walang kakainin ang mga guests. Mapapahiya tayo,” anito. “Nauna na sina Dex sa ’yo, but we need as many people as possible.”

Patay. *Napatango* na lamang ang dalaga. “O-okay...”

“So?” Naghalukipkup si Gerome. “Ano pa ba’ng hinihintay mo, hija, Pasko? Go!” sigaw ng bading,

sabay turo sa pinto palabas ng office.

Isabel need not be told twice. Liyong-liyo man, nagmadali siyang umalis.

So much for my half-day, buntong-hininga na lamang ng diwa niya.

Awa ng Diyos, nakarating nang walang aberya sina Isay sa concert venue. Kasisimula pa lamang ng opening number nang bumaba siya mula sa inarkilang taxi, karga ang isang dambuhalang container na ang laman ay pre-cooked noodles para sa iba't-ibang pasta dishes. Kasama niya ang dalawa pang employees ng catering service, na kapwa bitbit ang kung ilang litro ng red at white sauce sa magkahiwalay na lalagyan. Sa trunk ng taxi, in-unload nila ang asul na *Coleman* na pinagsidlan ng mga frozen desserts.

“Salamat talaga sa tulong n’yo, Miss,” bati ng isang nakabihis-waiter na kaagad sumalubong sa kanila sa back entrance. Ito na rin ang nagprisinta na kargahin ang balde ng pasta.

“Okay lang,” tugon ni Isay, sabay unat sa nangalay niyang mga braso. Medyo umiikot na para sa kanya ang paligid, pero hindi na niya ito ininda. “May ipagagawa pa ba kayo sa ’kin?”

Umiling ang kausap. “Mag-report na lang muna

kayo backstage, kay Miss Sandy.” And with that, sumunod na ito sa nagpatiunang catering employees na kasunod ni Isay kani-kanina lamang.

Backstage, huh. Sinuyod ng kanyang mga mata ang area. *Hayun.* Hindi niya lubos matanto kung nakailang “Excuse me” at pag-ilag sa dinaraan ang nagawa niya patungo roon, ngunit sa wakas ay dinala si Isabel ng kanyang mga paa sa likod ng set. Iyon nga lang, sa dinami-rami ng natatarantang tao roon, hindi niya makita si Ate Sandy. Nagtanong-tanong siya, subalit paiba-iba ang sinasabi sa kanya ng mga nahahagilap.

Ginu-good time lang ’ata ako n’ong waiter na ’yon, di-maiwasang isipin ni Isay, na minabuti nang tumigil sa paglalakad at magpahinga muna. Nakaakyat na siya halos sa mismong stage. Ilang hakbang na lamang ay puwede na niyang kawayan ang audience na nasa front row. She was about to retrace her steps when, finally, na-locate niya ang nakatatandang babae. Nakatayo ito offstage at may kausap na patpating lalaki na may sakbit na portable video camera. Medyo awkward kung sa mismong entablado siya magdaraan, of course, kung kaya binalak na lamang niyang umikot sa may gilid para lapitan ang kanyang boss.

It was then that she heard someone singing. Piano lang ang accompaniment, nangibabaw ang malamig na boses na iyon sa bawat sulok ng entablado. Boses iyon ng lalaki. Boses na makailang beses na niyang narinig sa radio, TV, Internet, CD, at minsan sa isa pang concert kung saan ang ticket na nakayanan niya lamang bilhin ay sa kalikod-likuran ng *Araneta Coliseum*. Boses na napaka-pamilyar, bagaman ang kantang buong-damdamin nitong inaawit ay hindi.

Tinig iyon ni Francis Arguelles, ang singer na ngayon ay naglalakad patungo sa gitna ng entablado, hindi alintana ang mga tili at palakpakan na sumalubong dito. Ang bawat galaw at simpleng kumpas ng mga kamay nito ay puno ng damdamin.

Para kay Isabel, tila tumigil ang oras nang mga sandaling iyon. Nanatili siya sa kinatatayuan, rooted to the spot, lost in the raw power and beauty of the singer's voice.

Nang matapos ang kanta, hudyat ng masigabong palakpakan na umalingawngaw sa kalawakan ng lugar, saka niya lamang nabatid na nangingilid na ang luha sa kanyang mga mata.

“Thank you,” Francis—*the* Francis—was now saying, bowing graciously to the crowd. Sinamahan na ito ng celebrity host ng event na ipinaalam sa

audience na ang title ng awit na karirinig lamang nila ay 'Arcadia', ang carrier single ng bagong album ng binata. Nag-usap pa sila nang kaunti ukol doon, bago naglakad pababa ng stage ang mang-aawit. Patungo sa mismong exit na kinatatayuan ni Isay, to be exact.

Nagkatagpo ang kanilang mga mata.

Wow, huling hinuha ni Isabel, ilang segundo bago siya tuluyang mawalan ng ulirat, *mas guwapo pa pala siya sa personal.*

Iyon lang at hinimatay na nga ang dalaga.

Iba na ang paligid nang muling magkamalay si Isay. Nakahiga siya sa isang kama na ubod nang lambot, sa loob ng isang silid na iniilawan ng shaded lamps na nakapaskil sa magkabilang dingding nito. May kaliitan ang kuwarto ngunit well-furnished ito, de-wallpaper at de-carpet. May television na naka-install sa istante sa kabilang dulo ng silid, at the corner of which ay isang cabinet na kinapapatungan ng ceramic vase na may samu't saring bulaklak. Sa kabilang sulok ay may mini-ref. Kung hindi sa IV drip na nasa tabi ng kanyang kama at sa suwering nakakabit sa kanang braso ng dalaga, aakalain niyang isa iyong kuwarto sa isang three-star hotel.

Ang gara naman ng hospital ward na 'to, tahimik na puna ni Isay, habang inaayos ang sarili upang maupo sa kama. *Pang-mayaman.*

As it were, hindi na nasorpresa si Isay nang bumukas ang pinto at pumasok sa silid ang isang nurse. Ang ikinagulat niya (at muntik nang ikahimatay muli) ay nang dagling umalis ito pagkakitang gising na ang pasyente, at bumalik kasama ang isang babaeng doktor—at si Francis Arguelles.

“Namutla ka at bigla na lang hinimatay,” kuwento ng binata, matapos masiguro ng hospital staff na maayos naman ang kalagayan niya at iniwan sila to attend to other patients. “You’re... Isabel, right?”

Not trusting herself to speak, tumango na lamang si Isabel; keeping her gaze averted from his. Conscious na conscious siya na matamang nakatitig sa mukha niya ang mga mata nito. *Francis Arguelles is talking to me*, parang timang na anunsyo ng diwa ng dalaga. *Francis Arguelles is staring at me.*

Oh, Lord, nagmanas na ba ang makeup niya? Dapat kasi nag-retouch muna siya bago himatayin. *Puwede ba 'yon?* Ah, basta! Sana ay hindi masyadong nabuhaghag ang kanyang buhok—

“How are you feeling?” samantala ay pakli ng

idolong kaharap. Mababatid ang genuine concern sa boses nito. Na para bang matagal na silang magkakilala at hindi nagkataong nagkrus ang landas sa impromptu concert ng binata. “I mean, the doctor said you’re okay. But if you need anything—”

“I... I’m fine!” bulalas ni Isay, na sa sobrang excitement ay bahagyang natisod ang dila sa itinugon. “Salamat nga pala sa pagdadala sa ’kin dito! Di n’yo naitatanong, I’m a big, big, as in *big* fan of yours! Sobra!”

And as was the case sa buhay ng dalaga, nasabi na niya iyon bago pa lubos na makapag-isip. Kaagad din niyang pinagsisihan iyon, with matching supalpal sa sarili para maikubli ang namumula niyang mukha. *Inakupo!* anang diwa niya, *para naman akong jologs sa mga pronouncements ko. ’Kakahiya!* Mabuti na lang at kahit paano ay nakapagpigil siya sa naunang impulse na yakapin nang mahigpit si Papa Francis.

“Well, thank you, too, I guess,” tila naaliw na sagot ng tinaguriang ‘Papa Francis’. Ngumiti ito, bagay na nagpaguwapo pa lalo sa hitsura nito at nagpakabog sa naka-overdrive nang puso ni Isay. “Coming from you, it’s kind of embarrassing to hear that... Isabel.”

Tinitigan siya nitong muli. This time, hindi niya

magawang iiwas ang mga mata sa sobrang expressive ng mga mata ng binata.

“You may be weirded out kung sasabihin ko sa ’yo ito,” marahang patuloy ni Francis. “Pero para kasing... no. You really *do* look like someone I once knew.”

Ha? Dahil sukat lunukin ang sariling dila sa kaba, medyo natagalan bago nakapagsalita si Isabel. “T-talaga?”

Tiyempong lumangitngit ulit pabukas ang pinto ng silid.

“Francis!” alalang tawag ng lalaking nagmamadaling pumasok sa loob. “Tinawagan ako ni Elvie! I came over as soon as I heard—” And then kagyat na natahimik ito, having seen kung sino ang nakaratay sa kama.

“This is Isabel,” kampanteng sagot ng singer sa nagtatanong na tinging ipinukol sa kanila ng bagong dating. “Isa siya sa mga interns mo sa *Clover Records*. She was the one who got hospitalized, not me.” Napaumis ang binata. “Really, ’Insan, you ought to hold a meeting with the higher-ups at that department. And while you’re at it, pakibatukan mo na lang para sa akin kung sino mang kamote ang

nagpilit sa kanyang dumerecho sa event kahit obvious na nilalagnat siya.”

“I’ll... do that,” maingat na sambit ng kinausap. Tiningnan nitong muli si Isabel. Nagawa rin ng dalagang sandaling titigan ang lalaking tinawag na ‘Insan’ ni Papa Francis. Halos sabay silang napakurap.

Si Bank Executive! sigaw ng isip ni Isay, recognizing him as the man na sukat nakabundol sa kanya sa unang araw niya bilang intern sa *Clover Records*.

Of course, nalaman din ni Isabel na hindi pala iyon ang trabaho nito. *Siya si—*

“M-Mr. Marco Arenas.” Halos awtomatikong dumaosdos ang pangalan nito sa mga labi niya. “Kayo po ang... kayo ang record producer ni Papa Fran—I... I mean, ni Sir Francis.” Blushing furiously, agad niyang itinikom ang bibig bago pa lalong ipahiya ang sarili.

“Right. Ako nga.” Bahagyang tumango ang lalaki, still studying her face. “We’ve met before, haven’t we?” manaka-naka ay anito. “About a week ago, sa car park?”

“Yes, ako nga po ’yon,” namumula pa ring saad ng dalaga.

“Nag-‘po’ siya sa ‘yo.” For some reason, waring aliw na aliw sa puntong iyon si Francis.

Katabi ang singer sa likod ng restored *Volkswagen* mini-van dahil kahahatid pa lamang nila kay Isay sa tahanan nito sa Pasig, naghalukipkip si Marco Antonio Arenas.

“Well, I *am* technically her boss,” katuwiran niya. “And she’s only what? Twenty-one?”

“Pakinggan mo nga ang sarili mo, ‘Insan,’ nangingiting ani Francis. “You’re talking like some stuffy old man again, gayong twenty-seven ka lang naman. Same age as me.” He wryly wrinkled his nose. “At matanda ako sa ‘yo ng dalawang buwan.”

“May point ba ‘tong usapan natin?”

“There certainly is. Ditch your ‘middle-aged-corporate-exec look and start dressing your age’, is what I’m trying to get at here.”

“At magsuot ng metal buckles at leather pants gaya mo? Please.” Sa halip na irapan ang pinsan ay inayos na lamang ni Marco ang asul na necktie ng kanyang suit. Napaisip siya. “Speaking of which, nagpa-schedule na ba si Elvie ng appointment sa

bagong stylist mo?”

“She did,” tugon nito, looking sheepish. “Today, actually. But as you probably know by now, personal na tumawag sa akin ’yung isa sa mga organizers ng event sa *Memorial*. Kanina lang umaga,” nag-unat-unat ito, “hindi na ako nakahindi.”

“Sa pagkakakuwento sa akin ng road manager mo,” napakunot-noong pakli ni Marco, “basta pinakansela mo sa kanya ang lahat ng prior arrangements mo today at dumerecho sa Quezon City. Ni hindi ka nagsama ng PA.”

“Para saan pa?” magaang na sambit ni Francis. “Hindi naman ako nagtagal d’on sa venue. I only did one song.” Muli itong napangiti. “I had fun. It reminded me of the old days, noong relatively ‘unknown’ pa lang ako. Moreover...” tila umaliwalas ang mukha ng binata, “kung hindi ako nagpunta doon, I wouldn’t have been able to meet Mi—”

“Isabel,” pagwawasto ni Marco.

“Yes... Isabel.” Napatikhim ito. “But you have to admit, ’Insan, kahawig niya talaga si Micah.”

He gave a nod. “Yeah,” he tentatively agreed, “I guess she does, doesn’t she?”

The resemblance was pretty striking, as a matter of fact. Kagaya ni Micah, ang Isabel Plata na iyon ay slim at petite ang pangangatawan, may sa manyika ang tabas ng mukha mula sa mga mata nito hanggang sa mala-rosas na mga labi. Mas maputi nga lang nang kaunti si Micah rito, at hindi hamak na mas sopistikada at pino kung kumilos.

Micah was the type who always knew the right thing to say, and how to say it well. Si Isabel, from what he observed sa maikling panahong napakitunguan niya ito, ang tipong prangka sa pananalita at hindi muna nag-iisip—for better or for worse.

For better, at least as far as Francis was concerned. “She’s an interesting girl.” Lumignon ito sa direksyong pinag-iwanan nila sa babae kahit kilometro na ang layo ng kotse sa bahay ni Isabel. “Yes, very interesting.” Sa banayad at halos nahihiya na ngiting naglaro sa mga labi nito, hindi kaagad natukoy ni Marco Arenas kung bakit niya iyon ikinabigla.

Nakauwi na siya sa sariling condo sa Makati bago lubos na mabatid ang dahilan: nang hapong iyon, matapos nitong nakilala si Isabel Plata, ang kauna-unahang beses sa loob ng tatlong taon na tunay na nagbalik ang dating palabiro at masayahing Francis na kababata niya. Ang Francis Arguelles bago ang

aksidente... at bago hiwalayan ni Micah.

“—Francis Arguelles, nag-guest appearance sa HOPE Benefit Concert para sa mga batang may cancer! Babae, hinimatay backstage matapos ang performance! Ang mga detalye mamaya, dito lang sa Beinte Cuatro Patrol!”

Nag-cut to commercial na. Isang spot ad ng instant noodles.

Kapwa nakaupo sa sofa, nakaharap ang TV at ang mababang mesa na pinaghainan ng pork barbecue at pancit bihong nai-take-out para sa kanilang hapunan, namimilog ang mga matang binalingan siya ni Jun. Third year nursing student na ito at kagaya ng ate ay diehard fan ni Francis Arguelles mula pa noong mag-debut ito noong sila ay nasa high school pa lamang.

“Hindi kaya ikaw ’yon, Ate?” di-makapaniwalang untag ng nakababatang kapatid.

“Hindi lang ‘kaya’. Ako nga ’yon,” proud na proud namang pagtitiyak ni Isabel, sabay wasiwas ng tangan niyang barbecue stick. “O, ano ngayon? Naniniwala ka na sa ’kin? Sino na ngayon ang ilusyonadang nagdedeliryo nang sinabing si Papa Francis ang personal na nagdala sa kanya sa ospital, aber?” So

saying, matagumpay niyang kinagat ang piraso ng timpladong karne sa dulo ng stick. Nginuya ni Isay iyon nang maigi bago lunukin nang bonggang-bongga.

“Eh, kasi naman po napaka-out-of-this-world n’ong ikinuwento mo sa ‘kin,” katuwiran ni Jun. “Mas believable na nag-half day ka lang kaya kita nadatnan dito sa bahay.”

Malas lang na hindi ito pinalad na maabutan sina Papa Francis at Marco nang personal na ihatid si Isay ng dalawa bandang alas seis quince ng dapit-hapon.

“At saka,” patuloy pa ng binatilyo, “kung talagang nakasama’t kinausap ka pa ni Papa Francis, ’asan ang mga ebidensya? Ba’t hindi ka man lang kumuha ng picture o nagpa-autograph man lang diyan sa blouse na suot mo? Kahit i-tweet mo ’yan ngayon sa *Twitter*, walang maniniwala!”

“Ano ba’ng magagawa natin, eh sa na-starstruck ako?” Napakibit-balikat si Isay. “At haller! Naipahiya ko na nga ang sarili ko sa lahat ng mga pinagsasabi ko sa kanya, para akong timang. Ayoko namang bumaba pa lalo ang tingin nila sa akin kung nanghingi pa ako ng remembrance.”

“Kahit na! Sana sinulit mo pa rin,” giit ni Jun.

“Once in a lifetime chance lang iyon, ano.” Nagsalin ito ng isa pang platitong bihon. “Maayos na nga ba’ng pakiramdam mo, ’Te? Wala ka nang lagnat?”

“Wala na,” masiglang patotoo ni Isabel. Napabungisngis siya, saka kilig na kilig pang idinagdag, “Fully recovered na ako kasi natabihan na ako ni Papa Francis!” Nag-flex pa siya ng kanyang muscle. “Ang tawag dito ay power of love, Jun!”

“Yeah, right.” Kumurap-kurap ang kapatid. Umiling ito minsan. “Sa katakawan mong ’yan, mukhang wala ka na ngang lagnat, pero obviously eh nagdedeliryo ka pa rin. Hay, Ate...”

3

“Pakidala na lang ito pagbaba mo,” nakangiting habilin ni Ma’am Sandy kay Isay. “Wag na ‘wag mong bibitawan hanggang makalabas ka ng building, okay?”

Medyo nawiwirduhang tinitigan ng dalaga ang iniabot nito sa kanya. “Red and white roses?” may pag-aalinlangang usal ni Isay. Isang bungkos iyon, ibinalot sa mukhang makintab na wrapping paper at fresh na fresh kahit pasado alas cinco na ng hapon at papalubog ang araw. Muli niyang ibinaling ang tingin sa babaeng bisor. “Bakit po?”

“Basta.” Kinindatan siya ni Ate Sandy. Lalo pang lumawig ang ngiti nito. “Just hang on to it on your way out. Trust me.”

Mag-uusisa pa sana si Isabel, subalit tiyempo namang dumating na sa wakas ang elevator na hinihintay niya. Wala na siyang nagawa kundi pasukin iyon, saka pindutin ang button pababa sa ground floor ng gusali. Namataan pa niya ang pagkaway ni Ate Sandy sa kanya bago awtomatikong magsara ang pinto.

Kinabahan na nabahala si Isay sa mysteryosong ikinikilos ng immediate superior. While technically end of office hours na nilang mga dakilang *Clower Records* interns, nakakapanibagong hindi siya pinag-OT ngayon. Ni pagsama nga kina Dex at Chelsey sa isang gig ng bandang *E-MO* sa Pampanga, hindi siya pinayagan. Panay pagsagot sa nakabinbing emails at magaanng officework lang ang in-assign sa kanya.

Feeling niya tuloy, sinasadya ng mga ito ang ‘salimpusa’ treatment sa kanya.

Ginawaran pa ako ng rose bouquet, tahimik na dagdag ng diwa ng dalaga. At dahil nag-iisa naman siya sa elevator at talagang kahali-halina ang mga bulaklak, sumimple si Isay na amuyin ang mga ito. *Pero in fairness, ang bango, ha.* Napangisi siya. *Kasing-bango ni Papa Francis!*

Kalagitnaan ng linggo. Halos two weeks na matapos niyang marinig nang live ang makapanindig-balahibo sa ganda na tinig ni Papa Francis. Labing-isang araw matapos siyang himatayin at isinugod sa ospital ng singer na iniidolo. May 264 na oras matapos siyang personal na hinatid nito sa kanyang abang tahanan sa Pasig. Kung hindi lang sa repeated requests na ma-interview ng samu’t saring reporters na tinanggihan niya lahat, baka ngayon ay maisip na

nga ni Isay na isang panaginip lang ang mga nangyari.

Wala kasi siyang nabalitaan sa mang-aawit buhat ng makasaysayang araw na iyon. Lahat ng news accounts ukol sa guest appearance ni Francis sa *Memorial* ay nagsabing nangibang-bansa na raw kaagad ito matapos ng event. Practically the day after, in fact. Wala ring updates sa official website nito. Sa isang *Twitter* account na nahanap niya, sabi-sabing nakita raw si Papa Francis Arguelles sa isang hotel sa Singapore. Mayroon namang nag-claim na nag-Boracay umano ito.

Medyo disappointed man na nakalimutan na ng binata ang existence niya, naiintindihan ni Isabel kung bakit nagkaganoon. Abalang tao si Francis. Famous. In-demand. Maraming commitments, lalo na ngayong nalalapit na ang launch ng pinakabagong album nito. Hindi naman por que nakasama niya ito for a grand total of two hours, not counting the hours na wala siyang malay sa hospital bed, eh, magiging mag-BFF na sila nito.

Iyon ang ginawa niyang paliwanag kay Jun, pagkaraan ng isang linggo na walang kumusta man lamang sa kanya ang binatang singer.

“*Ni ha, ni ho, wala,*” taas-kilay pa ngang kantiyaw sa kanya noon ng nakababatang kapatid. “*Nagpaka-*

kapalmuks ka na lang sana at hiningi ang cell number niya. Ano sa tingin mo, Ate?"

Nang kalaunan ay nilubayan din siya nito, if only dahil napansin ni Jun ang pananamlay niya sa tuwing dadako kay Papa Francis ang usapan. Limang araw na ring walang tumatawag na reporter na nais mag-usisa sa kalagayan ng *Clover Records* intern na hinimatay at buong giting na 'ni-rescue' ng singer. Maging si Gerome na napagsabihan umano ni Ate Sandy at ng isa pang 'top exec' matapos ang kanyang pagkakaospital, sa halip na irapan siya ay paismidismid na lang kapag siya ang nakakasalubong.

O 'ayan, matapos ang ilang araw ay nakalimutan ka rin ng knight-in-shining-armor mo, waring gustong iparating ng mahaderang bakla sa kanya. Asa ka pa. Ambisyosa.

Napalabi si Isabel. Tama, ambisyosa nga siya.

Lumapag sa ground floor ang elevator na sinakyan niya. Muling bumukas ang pinto. Naglakad palabas si Isay, hindi alintana ang nagtatanong na tinging ipinukol sa kanya ng ibang empleyadong nakaabang sa elevator hallway. Hindi maipinta ang mukha ng dalaga. Parang ang bungkos ng rosas na bitbit-bitbit niya ay dadalhin sa patay.

May kanta para rito, bigla niyang naalala. Pabulong niyang ini-recite sa sarili ang opening lyrics noon: 'Paalam, mahal, paalam... Saglit man itong ating pagsasama... 'wag sanang mawaglit ito sa iyong alaala, giliw...'

Awit iyon ni Papa Francis, of course. 'Paalam' ang titulo ng kanta, Track 4 ng 'Ballantine', ang breakthrough album nito, released circa 2001. How ironic na ginagamit niya ito ngayon bilang pang-emote na soundtrack sa short, pero napaka-sweet na panahong nakapiling niya ang singer—

“Isabel?”

Napakurap siya. Napalingon sa kanan kung saan naka-park ang ilang sasakyan, kabilang ang isang magara at ubod ng kintab na itim na *Audi* malapit sa main entrance ng gusali. Katabi niyon ang lalaking hindi niya sukat akalaing naghihintay sa kanya. Binuksan nito ang pinto ng kotse sa passenger side at sumenyas na pumasok siya roon. Hindi makapaniwalang napasunod siya.

Hindi siya gaanong kinausap ni Sir Marco sa isang oras na itinagal ng kanilang biyahe. Basta sinabi lang nito na ipinasundo siya ni Francis para makipag-dinner date at eight p.m. sharp.

Hindi mawari ni Isabel kung ang pananahimik ng producer ay dahil sadyang silent type at reserved lang talaga ito, o dahil naiilang pa ito sa presensya niya, o dahil—slight lang—hindi na niya ito nabigyan ng gaanong buwelo para magsalita dahil siya mismo ang dumaldal nang dumaldal nang dumaldal.

Kung sa pangalawa rin lamang kadahilanan ay pareho iyon sa pakiramdam ng dalaga. Sa kakarampot na online info na nahagilap ni Isay sa *Wikipedia* page ng *Clover Records*, nalaman niyang isa ito sa mga pinakabatang full-fledged events directors at producers ng record label. Pinsang-buo at kababata ito ni Francis Arguelles at naging bandmate nito noong ‘indie’ pa lamang sila at malayo pa sa bituka na mag-mainstream. Iyon lang.

Nakaupo katabi si Sir Marco ngayon, pormal na pormal ang suot at hindi mabasa sa mukha ang iniisip, nahirapan si Isay na i-imagine na naging miyembro ito ever ng isang indie band. O rakista. O album producer at events liaison ni Papa Francis, come to think of it.

Pero ang pagiging pinsang-buo nila ng singer?

Puwede, actually, pabulong na komentaryo ng diwa ni Isabel. Sinimplehan niya ng tingin ang katabi na walang kamuwang-muwang na nagpatuloy sa

pagda-drive. *Puwedeng-puwede. Pareho kasing pogi.*

Suminghot siya saka biglang pinitik ang sarili. *Ano ba, suway niya sa budhi. Mas pogi pa rin si Papa Francis!*

Kinumusta siya ni Sir Marco ukol sa kanyang internship. Sinabi niyang enjoy siya sa *Clover Records* at balak niyang doon ulit magtrabaho pagka-graduate niya ng kolehiyo. Isang elective at thesis na lamang kasi ang kulang bago niya makuha ang kanyang bachelor's degree in Mass Communication sa *UP*. Nagpaalam siya sa admin na ipagpaliban muna ang kanyang academics ng isa pang taon para mag-intern. In that way kasi, so she explained, mae-experience niya first-hand ang inner workings sa music industry. At the same time ay baka ma-inspire pa siya kung ano ang gagawin niyang central topic sa kanyang college thesis.

Nagkomento si Sir Marco na 'mature' ang desisyon niyang iyon. Hindi siya tuwirang pinuri o ginawaran ng binata ng mga nakaka-flatter na salita, ngunit pumalakpak pa rin ang cute little ears ni Isay. Given na napaka-stern ng hitsura nito, para nang high praise ang mga katagang sinambit nito.

Nasa Alabang na sila at binabagtas ang nagtataasang gusali sa likuran ng *Festival Mall* nang

muli siyang kausapin ni Sir Marco. “Sorry nga pala,” anito.

Derecho ang tingin ng lalaki sa daan, pero alangan namang ang kalsada ang pinagpaumanhinan nito, di ba?

“Para saan naman po?” reply kaagad ni Isay.

“For practically kidnapping you. I know we ought to have called beforehand, but... well...” He shrugged, keeping both hands firmly on the steering wheel. “Anyway, we’re almost there.”

Narating nila ang berdeng tarangkahan ng *Le Chateau* barely five minutes later. May guard station sa mismong tabi noon at isang de-unipormeng lalaki ang humarap at nagpipindot sa remote na hawak. Bumukas ang gate, parang magic. Habang pinaaabante ni Sir Marco ang kotse papasok ay buong galang na sumaludo sa kanila si Manong Guard.

Napanganga si Isay. Hindi dahil sa guwardiya, kundi dahil sa tumambad sa paningin niya pagkatawid nila sa gate.

Over sa pagkasimple kung tatawagin iyong high-class country club na pamugaran ng mga coño, subalit iyon ang unang string ng mga katagang dumapo sa isip niya nang magisnan ang *Le Chateau*.

Mala-hacienda sa lawak ang lugar. Oo nga't gabi na at madilim, ngunit salamat sa mga poste ng ilaw at decorative lanterns na naglipana sa lote, at dahil pasadyang elevated ang bahagi ng daang tinatahak nila, tanaw na tanaw ang mga gusali at facilities na naroroon. Bukod sa main lodge na may shaded walkway at parking area, nagkalat ang town houses at log cabins sa grounds ng country club. May swimming pool, football field, isa pang field na hindi sigurado ni Isabel kung pang-volleyball, badminton o tennis. May golf course rin doon. Ultimo ang anim na sasakyang naunang naiparada sa parking area ay mapapagkamalang pambida sa mga car shows.

“Wow,” hindi napigilang deklara ni Isay.

At that, waring bahagyang napangiti ang kanyang kasama. Hindi siya sigurado, pero tila may bahid ng pait sa likod ng ngiting iyon.

“Minor shareholders lang kami sa club na 'to, in case you're wondering,” sambit ng binata. “Francis and a few other friends of ours have been lobbying to convert this place into a school for years... pero considering kung sino ang mga prominenteng kliyente ng *Le Chateau*, malabo pang mangyari 'yon. Ano sa tingin mo?”

Ha? Medyo flustered dahil bigla na lamang

siyang hiningan ng opinyon ni Sir Marco, kagyat na natigilan si Isay. Nalito rin siya kung ang itinatanong nito ay tungkol sa lugar mismo, o sa pananaw niya sa mungkahing gawing paaralan ang *Le Chateau*.

“Maganda,” na-manage niyang sabihin, opting for a relatively ‘safe’ answer.

Tila ito naman ang natigilan sa sagot niyang iyon. Saglit siyang tinitigan ni Sir Marco bago muling ibinaling ang atensyon sa pag-park ng minamanehong kotse. Pinatay nito ang makina at nauna nang bumaba sa sasakyan. Kaagad na lumagay ito sa kabilang gilid ng *Audi* upang pagbuksan si Isabel ng pinto. Gentleman na gentleman. Halos kasing-gentleman ni Papa Francis kung tutuusin, ngunit isusugod din kaya siya nito sa ospital kung nagkataong himatayin siya sa presensya nito?

Ewan.

“Tara,” aya ni Sir Marco. Tumango ito sa direksyon ng isang makintab na puting *Toyota Vios* na nakaparke sa slot na katapat nila. “That’s Francis’ car. He’s probably at the rooftop, waiting for the both of us.”

Hinihintay nga sila ni Francis, ngunit hindi ito

nakaabang sa rooftop. Malugod silang sinalubong ng singer sa paanan ng engrandeng staircase sa entrada ng main lodge.

“Mi—uh, *Isabel*,” bati nito. Hindi nawala kay Marco ang muntik nang pagkakasambit nito sa pangalan ng dating kasintahan. “Insan.”

Taliwas sa suot niyang business suit, di hamak na mas laidback at informal ang pormang pinili ni Francis para sa gabing iyon. Maluwag na long-sleeved shirt at nangungupas na maong ang suot nito, na binagayan—intentionally or not—ang semi-casual working clothes ni Isabel.

“Sorry we’re late,” pasubali ni Marco, walking over to where he stood.

Ang dalaga naman ay kasunod lang niya, waring natamemeng nagtatago sa likod ng kanyang anino. Sanay na si Marco na makasaksi kung gaano katindi ang epekto ni Francis sa mga babaeng fans nito at ang intern na kasama nila ay isang textbook case. Maganda, intelihente, and refreshingly candid, true. Subalit nauatal at namumula sa sandaling ngitian ng sikat niyang pinsan.

Ang tunay na nakakapanibago ay kung paano makitungo si Francis dito. “That’s all right,” turan

ng singer na kahit siya ang sinabihan ay hindi inalis ni minsan ang tingin kay Isabel. Masuyo ang tinging iyon. Adoring. Sincere din, kaiba sa ekspresyong nakuhang ipa-emote kay Francis ng mga director ng music videos nito o ng photographers para sa album pictures at endorsements ng binata. “Kasalanan ko rin naman kasi,” patuloy nito. This time ay si Isabel na talaga ang kausap nito. “Dapat inayos ko ang imbitasyon ko. Ako sana ang susundo sa ’yo kaya lang...” A slight pause. “Kaya lang medyo pagod pa ako sa biyahe. Tayo na sa ’taas?”

Inabot ni Francis ang kamay ng dalaga. Marco half-expected na gagamitin nila ang elevator na nasa gilid ng receiving area para makarating sa rooftop, subalit niyakag sila ng singer paakyat ng hagdanan.

Napakurap siya. Nag-alala rin. Salamat sa sakit nito, kada taon ay nagiging mas mahirap para kay Francis na igalaw ang mga binti nito nang kasing-ayos ng dati. Ang simpleng pag-akyat ng hagdanan ay naging kalbaryo na, lalo na mula nang ugaliin nitong pabayaan ang pag-inom ng gamot para roon.

Hawak ang kamay ni Isabel, sa wakas ay sinulyapan siya ni Francis. *Don't worry, 'Insan, waring tahimik na pakahulugan ng tingin nito sa kanya. I took my meds this time, promise.*

Napalubag niyon kahit paano ang mga agam-agam ni Marco. Given na napakaabala ni Francis, kinailangang mangako muna itong iinom ng gamot at sisipot sa weekly physical therapy bago siya nito napapayag na umuwi muna sa Pilipinas upang makipagtagpo kay Isabel. Salamat na lang at mukhang tumupad nga ito sa kanilang usapan.

Marco followed them up the set of stairs, glancing from time to time sa pigura ng babaeng talaga ngang kamukha ni Micah Cervantes. Para itong isang Micah na inosente at wala pang gaanong muwang sa mundo. Isang Micah na hindi si Micah. In other words, isang babae na maaaring magbigay kay Francis ng pagmamahal na karapat-dapat para rito.

Kung tutulungan ito ni Marco. At kung sisiguruhin niyang hindi na mauulit pang muli ang trahedyang naganap noon, may dalawang taon na ang nakakaraan.

Para kay Isay, ang gabing iyon ay maihahalintulad sa isang napakagandang panaginip. Mapa-elaborate dream sequence man ito o hindi ay hindi na sinubukan pang tiyakin ng dalaga. Para saan pa, gayong kumbaga sa kanta, eh, ayaw na muna niyang magising? Sino ba namang baliw ang magpapakagagang kurutin ang sarili para makawala sa isang panaginip involving a

romantic—as in *romantic*, ha—dinner date with *the* Francis Arguelles? Not her, for sure.

Nasa rooftop sila ng central lodge ng *Le Chateau Country Club*, pero iyon na yata ang pinakasosyal na tuktok ng building na napuntahan ni Isay sa tanang buhay niya.

At ang pagkain? Heaven. Sosyal na spaghetti na makamatis, sosyal na sopas na maraming keso at sibuyas, and last but not the least, sosyal na bistek na kay lambot ng karne at may sesame seeds pa. Lahat masasarap, bagaman kaunti lamang ang kanyang kinain. Ayaw naman ni Isay na magmistulang patay-gutom sa harap mismo ng dalawang nagaguwapuhang hosts niya, most especially kay Papa Francis.

“You’re sure you’re not hungry?” tanong ng naturang singer sa kanya, na waring naaalih sa paunti-unti lamang na pagsubo niya ng pagkain.

Thankfully able to speak at last, matapos ang initial shock nang kausapin siya muli nito, umiling si Isabel. “B-busog ako.” Well, medyo nauutal nga lang. Pero improvement pa rin iyon, di ba? Bumaling siya kay Sir Marco para hindi tuluyang mangamatis ang mga pisngi niya sa pakikipagtitigan kay Francis-her-love. “Salamat nga pala po at dinala n’yo ’ko rito. I mean, ihinatid n’yo pa talaga ako at hindi ko

na na-mention...”

“Don’t worry about it,” sagot ni Sir Marco, habang natatawa si Papa Francis sa tabi nito.

“Utang na loob, ’wag mo nang ‘po’-in si Marco,” saway ng mang-aawit. “Hindi naman gaanong nagkakalayo ang mga edad natin. Like me, twenty-seven years old lang siya.”

“Talaga po?” di-makapaniwalang bitiw ni Isay bago mapigilan ang sarili. Sa pagtikhim ni Sir Marco kasabay ang amused na hagikgik ni Francis, na-realize ng dalaga ang kanyang *faux pas*. Namula siya. “Ah... eh... s-sorry!”

Natawa lalo si Francis. But it was a good-natured laugh, low yet undeniably sexy rin ang tunog. “You’re just too cute, Isabel.”

Sapagkat hindi makapag-isip ng isasagot doon, nag-sample na lamang ulit si Isay ng isang piraso ng bulgogi. Sa loob-loob niya, nag-rejoice ang sanlibutan.

Papa Francis called me ‘cute’! tahimik na bunyi ng kanyang diwa.

“Kung may dapat humingi ng paumanhin, ako ’yon,” samantala ay magaang na patuloy ng kanyang ‘papa.’ “Ngayon lang ulit kita nakumusta. I had to go

abroad kasi these past two weeks. Sorry.”

“O-okay lang ’yon, Sir.”

“Nag-sorry na nga ako sa ’yo, ‘Sir’ pa rin ang itatawag mo sa ’kin?” he chided. “Call me ‘Francis’.”

Tumango siya. “F-Francis.”

“All right!” The singer laughed, as if sobrang delighted itong marinig ang pangalan na mamutawi mula sa bibig ni Isabel. “That applies to Marco, too. Kailangan sa given name mo rin siya tatawagin. Say ‘Marco’.”

Still blushing, nagawang ibulong ni Isay ang, “M-Marco.”

“And should we keep on calling you ‘Isabel’, o mas komportable kang i-address ka namin bilang ‘Miss Plata’?”

“‘Isay’ na lang, kung puwede,” bahagyang napangiting mungkahi ng dalaga. “Yun na kasi ’yung simula’t sapul na nickname sa ’kin ng mga friends ko.”

“‘Isay’ it is,” sang-ayon ni Francis. Saglit na bumaling ito kay Sir Marco. “Ikaw naman, ’Insan.”

“Isay,” maingat na sambit ng naturang pinsan, humoring him.

Cupid In Love - Monica Bautista

Muling nilingon ni Francis si Isay. “This means we’re friends, by the way,” masiglang pahayag nito, looking deep into her eyes.

4

More than a month bago ang scheduled launch ng ika-apat na album ni Francis Arguelles, halos isang buwan mula nang una sa marami pang covert dinner dates ng singer sa batang intern na si Isabel Plata, bigla na lamang sumugod sa kanyang opisina si Elvie, ang chubby subalit kapita-pitagang manager ni Francis.

“You came up with this, didn’t you?” pam-bungad na sumbat nito sa kanya, wala pang dalawang segundo matapos nitong itulak pasara ang pinto.

“Came up with what?” patay-malisyang tanong ni Marco.

Iminuwestra ni Elvie ang nakabukas na laptop sa desk niya. “Check your email. I only found out myself noong ini-refer ’to sa ’kin ni Ricky, and....” Si Ricky ang isa sa mga assistants nito. “Oh, whatever,” singhal ng manager, huffing in irritation. “Just check it. Now na.”

“Okay.” Binuksan ni Marco ang kanyang inbox. Elvie had forwarded him a link some fifteen

minutes before. He clicked on it. Awtomatikong nagbukas ang isa pang web page, na ang asul na top banner ay nagproklama na ‘*Just In*’ article iyon ng *Philippine Entertainment News Turnpike*, a.k.a. www.pent.com. Nakapaloob doon ang isang paparazzi shot ni Francis, still recognizable bagaman naka-sunglasses at baseball cap, kasama si Isabel. Kapwa nakangiti ang dalawa, naglalakad side by side. Nakahilig ang mukha ni Francis sa mukha ng dalaga, angled in such a way na parang hahalikan nito ang dalaga o kaya ay may ibinubulong sa tainga nito. ‘*In Love At Last?*’ ang simple ngunit succinct na accompanying caption ng photo, na halaw mismo sa lyrics ng isa sa mga pinasikat na kanta ng singer. Isang maikling writeup ang kasunod noon:

Has someone finally captured the heart of the local music industry’s most eligible and elusive bachelor?

Celebrated singer-songwriter Francis Arguelles was seen at the Manila Ocean Park Tuesday night with a pretty but as yet unnamed young woman...

The article went on to state that the two were ‘very sweet’ and that mapalad si Francis, na kababalik lamang sa music scene matapos ang three-

year ‘creative hiatus’ nito, dahil bukod sa impending launch ng much-awaited comeback album ng singer ay tila may pinagkukunan na ito ngayon ng inspirasyon. Laganap, bagaman unconfirmed, ang ispekulasyon na ang ka-date nitong babae ay ang parehong *Clover Records* intern na hinimatay at personal na isinugod ni Francis sa ospital a few weeks before.

“Now look me in the eye and say na hindi ikaw ang may pakulo niyan,” samantala ay buwelta ni Elvie sa kanya. Nanatiling nakatayo ito sa kabilang dulo ng silid, arms folded, bahagyang nakasandal sa dingding katabi ng pintuan. “Kaibigan mo ang EIC ng website na ’to. Imposibleng i-upload nila ’to nang hindi ka inaabisuhan. Hell, given your connections with the press, imposibleng may lumabas na kahit anong article tungkol sa mga talents natin na hindi muna dumadaan sa ’yo! Kaya nga up to now, wala pa ring kaalam-alam ang publiko sa sakit ni Francis at—” She hesitated, “at sa previous affair niya, di ba?”

Marco shrugged. “So what if I did?” kam-panteng amin ng binata. “Favorable news naman ’to. The added buzz will help boost sales for Francis’ upcoming album. Moreover, this ought to dispel that ridiculously persistent rumor na bakla siya—”

“Charot!” sarkastikong pakli ni Elvie. “I’ve been with you guys since day one. You’re not the type to pull the ‘romance’ gimmick para lamang mag-promote ng CD. Hell, Francis doesn’t *need* a gimmick. His talent sells, period. At kung may paki ka talaga tungkol sa gay issue, matagal mo na sanang isinapubliko ’yung relasyon niya kay Micah.” Matamang tinitigan siya nito. “Quit with the B.S. and fess up. What exactly are you playing at, Marco?”

Muli siyang nagkibit-balikat. “I’m *not* playing at anything,” giit niya.

Napakunot-noo ang manager. “That girl he’s seeing—”

“Isabel,” Marco helpfully supplied.

“Isabel, right.” Kagyat na tumikhim si Elvie. “I’ve only seen Micah a couple of times so I’m not sure, pero... magkahawig sila ng hitsura ng babaeng ’yon. Tama ba ako?”

Tumango siya. “Yes,” marahang tugon ng binata.

“I... I see.” Huminga ito nang malalim. Sa dagling panginitid ng tingin nito sa kanya, nabatid ni Marco na pinatotohanan noon ang hinalang naglalaro sa isip ng nakatatandang babae. “I just

hope you know what you're doing," bulong nito. "Masaya si Francis sa piling ng Isabel na 'yan—sa ngayon, at least. Hindi ko maitatanggi 'yon. But, Marco, it isn't really *her* he's seeing, is he?"

Hindi na niya iyon sinagot. He didn't have to.

Noon manaka-naka ay tumunog ang mobile phone ni Elvie. Agad nitong sinagot iyon.

"Yes, Ricky... Okay... Sure, okay. Sige." In-end nito ang call. "Reporters," payak na anunsyo nito sa kanya. Malamlam ang tono ng pananalita ng babae, as if resigned bagaman hindi pa rin sangayon sa kung ano mang binabalak niya. "I have to go. Excuse me."

"Yoo-hoo! Miss 'Pretty-But-Unnamed'!" malambing na panawagan ng co-intern niyang si Chelsey mula sa labas ng madilim na office supply closet ng *Clover Records*. "Twelve na! Lunchtime na! Lumabas ka na diyan at kakain na tayo!"

"Baka naman may lunch date kayo today ni Francis A.?" pabirong hirit naman ni Dex na kasunod lang nito. "Sabihin mo lang, Isay—"

"Sus, tumahimik nga kayo," natatawa at namu-

mulang saway ni Isabel sa dalawa. Maingat niyang ipinasok sa kahon ang huling bungkos ng tarpaulin na pinakisuyuan siyang itabi saka tumayo na at nag-iinat-inat na sinamahan sina Chelsey. Bukod sa kapwa nakabungisngis na mga *fez* ni Dex at nito, wala namang ibang taong nakita ang dalaga sa paligid.

More importantly, wala si Sir Gerome, na since start of shift ay halatang buwisit na buwisit sa kanya at sa buong sanlibutan, pero hindi lubos makapagwala dahil bantay-sarado ni Ma'am Sandy. Isa raw ang bading sa pinakaunang na-forward-an ng now-infamous www.pent.com article featuring Isay at ang di-umano ay 'secret date' niya with Papa Francis.

"The coast is clear, don't worry," pahayag ni Chelsey, rightly reading her thoughts. "Kanina pa bumaba si *Lady Gaga*." Sikretong bansag nila iyon sa assistant coordinator.

Tila may biglang naalala si Dex, may dinukot ito sa sariling bulsa. "Heto nga pala, o," anang binata, sabay abot kay Isay ng isang ID na katulad ng ipinangsa-swipe nila para makapasok sa fifteenth floor, pero imbis na asul ay dilaw ang gilid nito. "Pahiram ni Ma'am Sandy sa 'yo. Pumunta ka raw

after lunch sa twenty-first floor.”

Napakunot-noo si Isay. “Bakit naman?” nalilitong untag niya. Puro opisina ng top execs ang naroroon. Needless to say, never pang pinaakyat silang mga interns at contractuales sa naturang palapag.

“Ba, malay ko.” Nagkibit-balikat si Dex.

“Itinanong mo sana, ano?” taas-kilay na pangaral ni Chelsey.

“Sorry.”

“Sorry ka diyan.” Bumaling si Chelsey kay Isabel, sabay kalabit sa braso niya. “Pero kutob ko lang, ha, ’Day, may kinalaman ’yan d’on sa cute mong close-up sa pent.com,” nangingiting anito.

“Kayo na nga ba talaga, Isay?” sabat ni Dex.

“H-ha?” Kumurap-kurap siya. Buong ingat na isinilid muna ang ID sa kanyang pitaka bago nagpatiuang maglakad sa dalawa. “Ewan! Tara na nga, kain na tayo.”

Hindi sa ‘playing coy’ lamang si Isabel kaya pinangilagan niyang sagutin ang tanong ng kasamahan. ‘Ewan’ talaga ang maitutugon ng dalaga sapagkat ‘ewan’ lang din ang kaya niyang is-

agot. Maging siya ay hindi tiyak kung ano na nga ang maitatawag sa madalas niyang pakikipag-‘date’ kay Papa Francis nitong nakaraang buwan. Hindi niya sigurado kung friends lang ang tingin sa kanya ng singer o kung nanliligaw nga ito.

Paiba-iba kasi, eh. One moment ay sobrang lagkit kung tumitig ito sa kagandahan niya. The next ay mawawala ang ekspresyong iyon at kaagad na mapapalitan ng simpleng ngiti. Or pagkunot ng noo nito, as if may bigla itong naalala, o di kaya ay may napuna sa kanya na hindi nito lubos nagustuhan. Magiging mas pormal itong makitungo sa kanya, mas... distant. Ngunit agad ding babalik ito sa pagiging masayahin at maasikaso kay Isay, to the point na feeling niya ay sa kanya na umiikot ang daigdig nito.

Ganoon nga lang siguro ang mga totoong artists, walang-kiyemeng katuwiran ng diwa ng dalaga, *mabilis magbago ng moods.* Nasa kanya na kung matututo siyang pakibagayan iyon.

Besides, kung ang pinakahuli nilang date—iyong agarang umuwi pa ito mula Singapore para lamang samahan siya sa *Manila Ocean Park*—ang pagbabasehan, baka nga nanliligaw ito. Siguro. Sorta-kind-of-like-na-parang-medyo-may-pagka.

I mean, muntik na kaming mag-kiss noon...

Or not. Basta gaya ng nakuha sa photo, pa-yukod nitong inilapit ang mukha sa kanya, to the point na medyo naduling si Isay sa proximity nila sa isa't isa. Ni hindi nga siya makahinga nang mga sandaling iyon, sa sobrang anticipation sa nakaambang na mangyayari—hanggang sa marinig niya ang inusal nito. *“May camera. Reporters, probably. We should go.”* With that, agad-agad na silang sumakay paalis ng Pasay.

Chakang photographer, hinuha ni Isabel, pouting inwardly. First kiss ko na sana with Francis-my-love, kung hindi lang sobrang bad ng timing mo!

Ngayon, paakyat sa twenty-first floor matapos ang isang mabilis na tanghalian sa *Jolly Jeep*, nagpaikot-ikot sa isipan ng dalaga kung ano ang dahilan at pinapupunta siya roon. Kung tungkol iyon sa article na in-upload sa pent.com ay sapat na siguro na abisuhan siya ni Ma'am Sandy kung paano haharap sa press. She kept on wondering hanggang idirekta siya ng floor receptionist sa isang opisina sa kanang bahagi ng palapag.

Nang mabasa niya ang pangalang naka-stencil sa glass panelling ng pinto ay bahagyang nabawasan ang kanyang pagtataka. Pero slight lang.

“Sir Marco?” medyo ilang na bati niya sa bintang nakaupo sa likod ng itim na marmol na desk nito. “Kayo po ang nagpatawag sa akin?”

“Didn’t Francis tell you na hindi mo dapat ako isi-‘Sir’ o i-‘po’ kaya?” balik nito. Pabiro ang tono nito, subalit hindi maiwasan ni Isay na ma-intimidate sa presensya ng binata. Naka-amerikana ang producer as usual, isang shade na naglalaro sa pagitan ng itim at asul, itim na button-up shirt at makintab na puting necktie na may asul na *fleur-de-lis*.

Yumukod siya. “S-sorry—”

“It’s fine. Maupo ka.” Iminuwestra nito ang couch sa kabilang sulok ng silid.

Ever masunurin, naupo si Isay. Pagkuwan ay nilapitan siya ni Marco, dala ang isang malaking plastic envelope.

“For you,” anito, handing it over. “Kindly look through the things inside, please.”

Tinanggap iyon ng dalaga. Laman ng envelope ang ilang papeles, dalawang IDs, plane tickets—

Napakurap siya. *Plane tickets?*

“You do have a passport already, right?”

tanong ng lalaki.

“M-meron,” aniya. One-time lang niyang nagamit iyon; noong minsang bisitahin nilang mag-iina sa Malaysia ang tiyahing English teacher doon. “Pero ano naman ang—”

“Good,” pakli nito, “then that means masasamahan mo kami ni Francis on our flight to Hong Kong tomorrow night.”

“Tomorrow night?”

“9:15 p.m. Don’t worry, everything’s been taken care of. I’ve even made arrangements na ipasundo ka kay Manong Art sa bahay n’yo. He’ll be there by seven o’clock. And given na may passport din ang kapatid mo, if he’s interested in coming, puwede ko rin siyang ikuha ng seat sa eroplano. We will be staying in Hong Kong for three days. Then, after that, off to rehearsals here in Manila—”

“Teka lang, Si—er, Marco!” taas-kamay na bulalas ni Isabel, na frankly ay nalula sa pinag-sasabi ng producer. *Talk about information overload!* “Okay, gets kong bibiyahe tayo bukas, but for three days? Kailangan kong kumuha ng leave para r’on.”

“Nope,” pailing na tugon ng kausap. “You

don't." Leaning forward, may hinila itong isang pahina ng papel sa bungkos na hawak ni Isay. "Effective today—granted that you sign it, of course—you will be assigned as Francis Arguelles' personal assistant. That means hindi ka na magre-report kay Miss Sandy Ramirez, or to anybody else here. For the duration of your internship here in *Clover Records*, you will instead be answering directly to Francis and his handlers—me and Elvie included."

"H-ha?"

"Incidentally, technicality lang ang pagiging PA mo," patuloy ni Sir Marco. "Which brings us to the most important part of this deal..." Tumikhim ito. Matamang tinitigan siya. And then, as if ayaw na nitong patagalin pa ang suspense sa nagugulumihanang isipan ng dalaga, sa wakas ay sinambit ang sumunod na over sa nakaka-lurkey na kataga:

"How would you like to be Francis' girlfriend?"